Pangalan: Rakim M. Solaiman
Paksa ng Khutbah: “Ang Taong Matagumpay”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, Si Allah ang Nag-iisang Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan. Siya rin ang lumikha kay Adam at sa kanyang angkan upang mamuhay dito sa Mundo. Ang tanging layunin natin dito sa Mundo ay sambahin si Allah at upang gumawa ng mga mabubuting gawain upang makamit natin ang Habag at Kapatawaran ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala. Siya rin ang gumawa ng Paraiso (Jannat) at Impiyerno (Jahannam). Sinuman ang tumalima at sumunod sa mga Kautusan ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala ay gagantimpalaan ng Paraiso at magkakaroon ng buhay na walang hangganan; at sinuman ang hindi maniwala, sumuway, at gumawa ng masama ay itatapon sa Apoy na naglalagablab sa Impiyerno.

Mga kapatid, habang may oras at panahon pa tayo upang gumawa ng mga mabubuting gawain gaya ng mga pagsamba kay Allah at paggawa ng kabutihan sa kapwa, ay gawin na natin upang makamit natin ang Habag at Kapatawaran ni Allah. At huwag na huwag natin aaksayahin ang ating mga oras sa mga gawaing walang kabuluhan na hindi magdudulot ng ating tagumpay dito sa Mundo at sa kabilang-buhay.

Ang sabi ni Allah Subhanahu Wa Ta'Ala:

﴿ وَٱعْتَصِمُواْ بِحَبْلِ ٱللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُواْ ﴾ آل عمران: 103

"***At kumapit nang mahigpit sa Lubid ni Allah nang sama-sama at huwag mahati."*** (Alo 'Imran:103)

Huwag natin bibitiwan ang Lubid ni Allah (Subhanahu Wa Ta'Ala) – ang Islam. Hawakan natin ito nang mahigpit nang magkakasama't nagkakaisa. Huwag tayong maghihiwa-hiwalay o magkakawatak-watak!

Marami sa mga tao sa kasalukuyan ang mas nagpapahalaga sa mga makamundong-bagay tulad ng mga cellphone, laptop, sasakyan at iba pa. Ang mga bagay na iyan ay mas binibigyan nila ng halaga kaysa sa pagsasagawa ng Salah at iba pang mga pagsamba kay Allah Subhanahu Wa Ta'Ala! Tuluyan na silang nalilinlang ng Mundo na nagliligaw sa kanila ng landas at naglalayo sa kanila sa layunin kung bakit sila nilikha ni Allah dito sa Mundo. Sinabi ni Allah:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ﴾ الذاريات: 56

***"At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at sangkatauhan maliban na Ako ay kanila lamang sambahin."*** (Adh-Dhariyat : 56)

Nlikha ni Allah ang mga Jinn at ang mga tao upang sambahin Siya - Ang Dakilang Tagapaglikha ng Mundong ating ginagalawan. Ito ang unang hakbang na dapat maunawaan ng bawat tao kung bakit siya nasa Mundong ibabaw. Sa pamamagitan ng kaalamang ito, nagiging malinaw ang direksyon ng buhay ng isang tao habang siya ay namumuhay sa Mundo kung saan siya patungo. Alalahanin natin na ang buhay na ito ay mayroong hangganan na lingid sa ating kaalaman. Kasawian para sa mga taong binigyan ni Allah ng isip at sapat na panahon ng pananatili sa Mundo subalit hindi nila ito napakinabangan sapagkat hindi nila inalam ang dahilan kung bakit sila nilikha hanggang sa dumating na sa kanila ang kamatayan.

Mga kapatid, ang tao ay magiging matagumpay lamang dito sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay kapag nagtagumpay ang kanyang mga Salah, sapagkat iyan ang unang bibilangin sa Araw ng Paghuhukom. Ang Salah ang

unang susuriin sa atin sa Araw na tayo’y ibabangon muli sa Araw ng Paghuhukom. Kapag ang Salah ay pumasa sa Araw na iyon ay pasado na rin ang lahat ng ating mga ‘Ibadah at mabubuting gawa. Ngunit kapag ito ay bumagsak ay bagsak din ang mga susunod pang ‘Ibadah.

Isinalaysay ni Jabir bin ‘Abdullah (radiyallahu ‘anhu), na sinabi ng Sugo ni Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"مِفتاحُ الجنةِ الصلاةُ، ومِفتاحُ الصلاةِ الوضوءُ." أخرجه الترمذي

*“Ang susi ng Paraiso ay ang Salah, at ang susi ng Salah ay ang Wudhu.”* (Inulat ni At-Tirmidhi)

Ang ating mga Salah ay siyang magiging susi natin sa Paraiso, kaya pangalagaan na ito hanggang sa huling araw ng ating pananatili sa Mundo upang tayo ay mapabilang sa mga taong matatagumpay sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid at mga magulang, akayin natin ang ating mga anak sa pagsasagawa ng Salah. Ito ay karapatan nila sa atin at isang tungkulin kay Allah na ating pananagutan sa kabilang-buhay. Kung nais din nating magtagumpay ang ating mga anak dito sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay, pagsumikapan natin na matutunanan nila ang Salah at maisabuhay nila ito. Ito ang tunay na pagmamahal at habag sa ating mga anak, hindi ang pagpapakasasa sa mga materyal na bagay gaya ng mga makabagong gadget na maaaring makasira sa kanilang pananampalataya, makapagliligaw sa kanila ng landas, at makapaglalayo sa kanila sa pagsunod at pagsamba kay Allah.

Nawa'y panatilihin tayong matatag ni Allah sa pagsunod sa Kanyang mga Kautusan at Pagsamba lamang sa Kanya, at datnan tayo ng kamatayan na Siya ay nalulugod sa atin.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***